

2023 BC Survey sa Kalusugan ng Adolescent: Form ng Pahintulot ng Magulang

Mahal na Magulang/Tagapag-alaga,

Ang McCreary Centre Society ay isang BC based na kawanggawa na nagsasagawa ng BC Survey sa Kalusugan ng mga Adolescent tuwing limang taon. Ang mga resulta ng survey ay ginagamit para mapabuti ang kalusugan ng kabataan sa inyong komunidad at sa buong BC. Ginagamit ng mga paaralan, pamahalaan, at mga komunidad ang impormasyon para sa pagpapalano at pagsusuri sa mga programa. Ang survey ay pinondohan ng pamahalaan ng BC.

Ang klase ng inyong anak ay iniimbitahang maging bahagi ng survey sa kalusugan ng kabataang ito. Iniimbitahan naming sumali ang mahigit sa 30,000 estudyante sa British Columbia sa Baitang 7-12. Inaabot ang karamihan ng mga estudyante ng hanggang 30–45 minuto para sa survey. Pupunan ng mga estudyante ang survey sa papel o online. Ipamimigay ng isang nurse ang mga survey o link sa survey.

Ang mga tanong sa survey ay nagtatanong tungkol sa paaralan, komunidad, at mga tao sa buhay ng inyong anak; kalusugang pisikal, pangkaisipan, at seksuwal; mga pinsala; karahasan at diskriminasyon; alkohol at paggamit ng iba pang sangkap; mga panlibangang aktibidad; teknolohiya; pagtulog; at nutrisyon. May kaunti ring mga tanong na kaugnay ng COVID-19.

Maaaring pumili ang inyong anak kung gusto nilang lumahok sa survey, maaari silang lumaktaw ng mga tanong na hindi nila nais sagutan, at maaari ring ihinto ang survey anumang oras. Ang mga estudyanteng tumanggi sa paglahok ay tatalagahan ng ibang aktibidad ng guro sa silid-aralan. Susunod ang nurse ng mga pangkaligtasang protokol ng COVID na nakatalaga sa paaralan.

Kung nais ng inyong anak na sumali sa survey, kailangan din ng distrito ng inyong paaralan ang inyong pahintulot. **Pakitukoy kung ang inyong anak ay may pahintulot na lumahok sa survey, sa pagkumpleto ng form ng pahintulot sa pangalawang pahina**, at isauli ito sa guro ng inyong anak, sa lalong madaling panahon.

Kumpidensiyal ang survey

Kumpidensiyal ang survey at walang pagkakakilanlan. Walang itatalang mga pangalan. Ang anumang potensiyal na pangkilalang impormasyon ay aalisin mula sa survey bago susuriin ang mga sagot. Walang sinuman ang makakapag-link ng mga sagot sa partikular na estudyante. Subalit, kung pinili ng mga estudyanteng ilagay ang mga pangalan nila sa survey at sabihin na sila ay naabuso o nag-iisip na magpakamatay o may saktang tao, kailangan nating isumbong ito sa mga angkop na ahensiya para sa kapakanan ng bata.

Tanging ang mga sinanay na mga tagasaliksik na konektado sa McCreary Centre Society at ang UBC ang may access sa mga survey. Lahat ng mga orihinal na kopya ng survey (papel at online) ay ligtas na iiimbak sa McCreary at sa mga computer na protektado ng password sa loob ng Canada na itatago ng 5 taon bago ito sirain. Ang mga sagot sa survey ay nakaimbak sa ligtas na database sa mga computer na protektado ng password sa McCreary para magamit sa hinaharap. Ang mga ulat at fact sheet ng mga resulta sa survey ay ipo-post sa www.mcs.bc.ca.

Mga peligro at mga benepisyo


Ikaw o ang inyong anak ay hindi direktang makikinabang sa pagsali. Kung sasali ang inyong anak, sisiguruhin ng partisipasyon nila na ang mga kabataan ay may boses sa pagplano ng mga serbisyo at mga programa at tutulong na gumawa ng pagbabago kung saan ito kailangan. Maaaring may peligro na ang

ibang estudyante ay sumilip sa mga sagot ng inyong anak, o maaaring sa palagay nila ang ilang mga katanungan ay sensitibo at maging hindi lubos na kumportable o mastress sa pagsagot nito. Maaaring sagutin ng nurse ang anumang mga tanong o alalahanin na maaaring mayroon ang mga estudyante. Bibigyan din ang mga estudyante ng card na may impormasyon sa pagkontak para sa mga pangsuportang serbisyo

Kung ikaw o ang inyong anak ay may anumang mga alalahanin o mga reklamo tungkol sa mga karapatan niyo bilang kalahok sa pananaliksik at/o inyong mga karanasan habang lumalahok sa pag-aaral na ito, kontakin ang Research Participant Complaint Line sa UBC Office of Research Ethics sa 604-822-8598 o kung long distance mag-email sa RSIL@ors.ubc.ca o tumawag nang toll free sa 1-877-822-8598.

Kung gusto mo ng higit pang impormasyon tungkol sa survey o sa McCreary Centre Society, makakabisita ka sa aming website (www.mcs.bc.ca). Maaari niyo ring kontakin si Annie Smith sa address sa ibaba kung may anumang mga tanong, alalahanin, o mga reklamo.

Lubos na sumasainyo,



Dr. Annie Smith
Executive Director, McCreary Centre Society
Adjunct Professor, School of Nursing,
University of British Columbia
annie@mcs.bc.ca
604-291-1996 ext. 225



Dr. Elizabeth Saewyc
Distinguished University Professor, School of
Nursing, University of British Columbia
Research Director, McCreary Centre Society
esaewyc@mcs.bc.ca
604-291-1996 ext. 223

May hawak si Dr. Saewyc na mga grant mula sa Canadian Institutes of Health Research (CIHR) at sa Public Health Agency of Canada na sumusuporta sa tungkulin niya sa pag-aaral.

Pangalan ng estudyante _____ Baitang _____

Ang anak ko ay may pahintulot kong lumahok sa 2023 BC Adolescent Health Survey.

Walang pahintulot ko ang aking anak na lumahok sa survey.

Lagda ng Magulang/Tagapag-alaga _____ Petsa _____

Naka-print na pangalan ng Magulang/Tagapag-alaga _____